# Ascension Illinois

Alexian Brothers Behavioral Health Hospital, na kilala din bilang Ascension Alexian Brothers
Alexian Brothers Medical Center, na kilala din bilang Ascension Alexian Brothers Behavioral Health
Presence Holy Family Medical Center, na kilala din bilang Ascension Holy Family
Mercy Medical Center - Aurora
Presence Resurrection Medical Center, na kilala din bilang Ascension Resurrection
Presence Saint Francis Hospital, na kilala din bilang Ascension Saint Francis
Presence Saint Joseph Hospital - Chicago, na kilala din bilang Ascension Saint Joseph-Chicago
Presence Saint Joseph Hospital - Elgin, na kilala din bilang Ascension Saint Joseph-Elgin
Presence Saint Joseph Medical Center, na kilala din bilang Ascension Saint Joseph-Joliet
Presence Saint Mary of Nazareth Hospital, na kilala din bilang Ascension Saint Mary-Chicago
Presence Saint Elizabeth Hospital, na kilala din bilang Ascension Saint Elizabeth
St. Alexius Medical Center, na kilala din bilang Ascension Saint Alexius
Presence St. Mary's Hospital, na kilala din bilang Ascension Saint Mary-Kankakee
Mga Kasanayan ng Empleyadong Doktor

## Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal

Ang Alexian Brothers Health System, na nagnenegosyo bilang mga kaakibat ng Ascension Illinois, kasama na ang mga ahensya ng kalusugan na nakalista sa itaas, ay may pangako at paggalang sa dignidad ng bawat tao na may espesyal na pagmamalasakit para sa mga nahihirapan sa hadlang sa pag-access sa mga serbisyong pangkalusugan. Ang Alexian Brothers Health System, na nagnenegosyo bilang mga kaakibat ng Ascension Illinois, ay may pantay na pangako na pamahalaan ang mga mapagkukunan sa pangangalagang pangkalusugan nito bilang isang serbisyo sa buong komunidad. Sa pagsulong ng mga prinsipyo na ito, ang Alexian Brothers Health System, na nagnenegosyo bilang mga kaakibat ng Ascension Illinois, ay nagbibigay ng mga tulong pinansiyal para sa ilang mga indibidwal na tumatanggap ng emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Alexian Brothers Health System, na nagnenegosyo bilang mga kaakibat ng Ascension Illinois. Ang buod na ito ay nagbibigay ng maikling pangkalahatang ideya sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal ng Alexian Brothers Health System, na nagnenegosyo bilang mga kaakibat ng Ascension Illinois.

### Sinu ang Karapat-dapat?

Maaari kang makatanggap ng tulong pinansyal kung residente ka ng Illinois. Natutukoy ang tulong pinansiyal sa pamamagitan ng kabuuang kinikita ng sambahayan na inihahambing sa Pederal na Antas ng Kahirapan.

- Kung mas mababa sa o katumbas ng 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ang kinikita mo, maaari kang makatanggap ng 100% kawanggawang pangangalaga na write-off sa bahagi ng singil na may pananagutan ka.
- Kung wala kang insurance at ang kinikita mo ay lagpas sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan pero hindi humihigit sa 600% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang makatanggap ng mga presyong may diskwento sa isang nagbabagong iskala.
- Kung mayroon kang insurance at ang kinikita mo ay lagpas sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan pero hindi humihigit sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang makatanggap ng mga presyong may diskwento sa isang nagbabagong iskala.
- Kung mayroon kang pagkakautang na medikal para sa pang-emergency at medikal na kinakailangang pangangalaga na nakahihigit nang 20% ng kinikita mo, maaaring karapat-dapat ka para sa diskwento.

Kung mayroon kang mga asset na nakahihigit sa 600% ng Pederal na Antas ng Kahirapan na halagang kinikita, hindi ka maaaring magkwalipika para sa tulong pinansyal. Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa tulong pinansiyal ay hindi sisingilin nang mas malaki para sa karapat-dapat na pangangalaga kaysa sa mga halagang karaniwang siningil sa mga pasyenteng protektado ng insurance.

Anu-anong Serbisyo ang Protektado?
Nalalapat ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa pang-emerhensiya at iba pang kinakailangang tulong medikal. Inilalarawan ang mga tuntuning ito sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal. Hindi saklaw ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal ang lahat ng iba pang pangangalaga.

Paano ako Mag-a-apply?
Para mag-apply para sa tulong pinansiyal, kakailanganin mong punan ang nasusulat na aplikasyon at magbigay ng mga pangsuportang dokumento, tulad ng inilarawan sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal at aplikasyon para sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal.

Paano Ako Makahihingi ng Tulong para sa isang Aplikasyon?
Para sa tulong para sa isang aplikasyon ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, maaari kang makipag-ugnayan sa Alexian Brothers Health System, na nagnenegosyo bilang mga kaakibat ng Ascension Illinois, sa pamamagitan ng pagtawag sa 833-272-7581, o sa pagsulat sa:

Ascension Illinois PFS
Attention: Financial Assistance Department (Departamento ng Tulong Pinansyal)
PO Box 74008855
Chicago, IL 60674-8855

Paano Ako Makakukuha ng Higit Pang Impormasyon?
Makukuha ang mga kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal at mga form ng aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa https://healthcare.ascension.org/financial-assistance/illinois at sa mga ahensya ng kalusugan na nakalista sa itaas. Makakukuha rin ng mga libreng kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal at aplikasyon ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa pamamagitan ng pagliham sa address na ipinapakita sa itaas. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal ay maaaring makuha sa pamamagitan ng telepono sa 833-272-7581.

Paano kung Hindi Ako Karapat-dapat?
Kung hindi ka kwalipikadong tumanggap ng tulong pinansiyal sa bisa ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, baka maging kwalipikado ka para sa iba pang uri ng tulong. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Alexian Brothers Health System, na nagnenegosyo bilang mga kaakibat ng Ascension Illinois, sa pamamagitan ng telepono sa 833-272-7581; o sa pamamagitan ng email o pagsulat tulad ng inilarawan sa itaas.

Mababasa ang mga salin ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, ng aplikasyon at mga tagubilin sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal, at buod ng sariling wika na ito sa mga sumusunod na wika sa aming website at kapag hiniling:
English; Español (Spanish); Polski (Polish); Tagalog (Filipino); 简体中文 (Simplified Chinese); 漢語 (Traditional Chinese); 한국어 (Korean); Deutsch (German); اُردُو (Urdu); ગુજરાતી (Gujarati); Русский (Russian); Italiano (Italian); हिंदी (Hindi); Français (French); Ελληνικά (Greek); Tiếng Việt (Vietnamese); 日本語 (Japanese); Srpski (Serbian); ภาษาไทย (Thai); Kreyòl (Haitian Creole); босански (Bosnian); ភាសាខ្មែរ (Khmer); Hrvatski (Croatian); فارسی (Farsi); العربية (Arabic)